# Welga ng unyon ng mga manggagawa sa Nexperia laban sa pambabarat sa sahod at benepisyo, at tanggalan

**January 2025**
**Inihanda ng National Federation of Labor Unions - Kilusang Mayo Uno**

**LABANAN ANG TANGGALAN SA NEXPERIA PHILIPPINES INC!**
**IPAGLABAN ANG KASIGURADUHAN SA TRABAHO! IPAGLABAN ANG WAGE INCREASE! LABANAN ANG ASSUMPTION JURISDICTION! TULOY ANG WELGA!**

Nitong February 5 ng alas-8 ng gabi, nagbaba si Labor Secretary Laguesma ng assumption jurisdiction sa nagaganap na paggigiit ng mga mga manggagawa ng Nexperia Phils. na ibalik ang mga opisyal na tinanggal noong Disyembre at makatarungang wage increase sa nagaganap na CBA negotiations. Layunin nitong hadlangan ang planong welga ng mga manggagawa sa gitna ng ginagawang pambabalasubas ng management.

Pagpapatunay lang na ang Department of Labor and Employment ay nasa panig ng kapitalista at hind sa manggagawa. Kaya't ang dapat katapat nito ang mas mahigpit ng pakikipagkaisa ng mga manggagawa ng Nexperia, ng lahat ng manggagawang Pilipino at ng mamamayang Pilipino para isulong ang laban para sa dagdag na sahod, kaseguruhan sa trabaho at karapatan sa pag-uunyon.

**KONTEKSTO**

Humigit kumulang 600 na ang mga manggagawang tinanggal ng Nexperia Phils. Inc. simula noong nakaraang taon. Sa kadahilanang ililipat na raw sa Thailand ang bahaging ito ng produksyon, tinaggal ang 33 manggagawa (na kasama sa 801 na manggagawang naipanalo ng unyon na gawing regular noong 2018) at nag-alok ng Voluntary Separation Pay Package (VSP) sa iba pang manggagawa. Bukod dito ay na-terminate din ang 4 pang mga unyonista na performance naman ang dahilan daw.

Nito lamang Abril, nag-temporary lay-off ng 54 na manggagawa. Ginamit ng management na criteria ang performance, kung saan ang mga itinuturing nilang "low-performing" na mga manggagawa ang nasa prayoridad na tanggalin.

Kaya't kahit nasa kalagitnaan ng negosasyon sa CBA ang unyon, napilitan na ang Nexperia Philippines Inc Workers Union – NAFLU – KMU (NPIWU-NAFLU-KMU) na mag-file ng Notice of Strike noong June 26 sa batayang unfair labor practice (paglabag ito sa probisyon ng CBA ng na pumoprotekta sa kasiguruhan sa trabaho ng mga manggagawa at unyon).

Ilang araw matapos ang filing ng NOS, nag-anunsyo muli ang management na magtatanggal pa ito ng 326 na manggagawa (kasama ang karamihan sa 54 na temporary lay-off lang). Muli nitong inalok ang VSP ngunit mag-avail man daw o hindi ay aalisin pa rin nila ang target na bilang na ito. Hindi rin maipangako ng management na matatapos na ang tanggalan.

**COST-OPTIMIIZATION AT AUTOMATION ang dahilan ng tanggalan.** Kasalukuyan ay 1:2 hanggang 1:4 na ang ratio ng manggagawa sa automation ngunit ang target ng Nexperia ay abutin ang 1:8.

NAFLU KMU
1957

Walang ibang ibig sabihin ang *cost-optimization* kundi ang palakihin ang tubo nito sa pamamagitan ng pagpapataas ng produksyon (pagpasok ng automation) habang binabawasan ang gastos sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga manggagawa.

Bahagi ng tinatawag na Industry 4.0 o Fourth Industrial Revolution (4IR) ang malawakang paggamit ng automation at robotics dulot ng mabilis na pag-unlad ng mga teknolohiya. Ang Industry 4.0 na ang top strategic priority ng mga kumpanya at malawakan nang ginagamit ang mga bagong teknolohiyang ito.

Ang kaakibat nito ay ang tinatawag na upskilling o reskilling ng mga manggagawa upang makaagapay sa bagong teknolohiya. Ibig sabihi'y malawakang tanggalan ng mga manggagawa.

Ang ganitong tunguhin – pagpapaunlad ng produksyon para sa pagpapalaki ng tubo kapalit ang kapakanan ng mga manggagawa (pagpapanatiling mababa ang sahod at/o tanggalan) – ay likas na katangian ng kapitalistang produksyon.

Kaya't ang dinaranas ng mga manggagawa ng Nexperia ang patuloy na pambubusabos sa kanilang kaseguraduhan sa trabaho, sahod at benepisyo kasabwat ang estado at ang DOLE sa pagpapatupad ng Neoliberal na patakaran na nagiging lisensya ng kapitalista sa pambabarat at pambubusabos sa manggagawang Pilipino na dinaranas din ng ibang manggagawa sa buong mundo.

**UNYON AT WELGA ang sandata ng mga manggagawa para ipaglaban ang seguridad sa trabaho.**

Lahat ng pamamaraan ay sinubukan nang gawin ng unyon kagaya ng mga hearing at pakikipag-usap sa management. Nguni't nananatiling matigas ang management sa kaniyang posisyong hindi ibalik ang mga tinanggal at magtuloy pa ng tanggalan.

Pilit pang pinagbabangga ng management ang usapin ng tanggalan at ang CBA negotiation. Nililinlang nito ang mga manggagawa na ang dahilan umano ng hindi pag-usap ng CBA negotiation ay ang pagpupumilit ng unyon na ibalik ang mga manggagawang tinanggal at itigil ang tanggalan. Nguni't malinaw sa mga manggagawa na ang kanilang unyon ang nagtatanggol at nagsusulong sa kanilang interes at karapatan sa loob ng pabrika.

Noong September 2024 na lift ang NOS sa 11 na na manggagawang tumindig sa back to work sa mainam na pakete na ibinigay sa mga manggagawa, mas mataas sa inaasahan na lumpsum kumpara sa VSP na inalok ng kapitalista sa naunang natanggal, priority ang 10 sa Re-hire kapag lumakas ang produksyon, may package sa CBA bagamat hindi nakuha ang inaasam na back to work sa manggagawa ay nakuha naman ang ilang mga provision sa CBA at nagtuloy ang negosasyon.

Sa pagpapatuloy ng CBA na ibinaba ng unyon sa 45.00 ang wage at hindi parin na nagbago ang alok ng kapitalista sa 17.00 na malayo pa sa existing na 38.00 sa nakaraang CBA.

NAFLU KMU
1957

Nagtuloy-tuloy ang naging pagkilos ng mga manggagawa sa loob at labas ng planta para ipaglaban ang kanilang CBA, sa kanilang ipinapakitang lakas ng pagkakaisa ay iligal na tinanggal ang 4 na lider manggagawa na noong Disyembre 10, 2024 sila, Pangulo, Bise Pangulo, PRO at ang council sa gawa-gawang kaso na ingress at egress.

Sa ginawang iligal na pagkakatanggal naging mitya ito ng matinding galit ng mga manggagawa kung kaya't nag file ng NOS para sa ULP ang unyon at naganap ang Strike Voting na nagresulta ng 1195 na yes to Strike nuong Dec. 19, 2024.

**LABANAN ANG ASSUMPTION JURISDICTION!**

February 5, 2025 ay naglabas si Sec. Laguesma ng AJ sa welga ng mga manggagawa, ikinahon ang mga manggagawa sa "hindi dapat magwelga" dahil isang national interes sapagkat isa ang NEXPERIA sa pangunahing exporter sa ating bansa na nagdadala ng 2.8 billion dollar. Pinatunayan lamang ng DOLE na hindi naglilingkod sa hanay ng manggagawa at mas sa monokap.

Ang assumption jurisdiction ay isang pakana ng gubyerno para kitilin ang nagkakaisa at palabang diwa ng mga unyon na ipaglaban ang kanilang karapatan at interes sa pamamagitan ng welga.

* Ang Assumption of Jurisdiction ay isang kautusan na inilalabas ng kalihim ng DOLE sa mga labor dispute sa isang industriya na "mahalaga sa pambansang interes". Ito ay magdudulot ng awtomatikong pagtigil sa anumang welga o lockout, at oobligahing agad magbalik sa trabaho ang mga manggagawa at ituloy ang operasyon ng kumpanya (status quo). Maaaring humingi ng tulong ang Kalihim o ang Komisyon sa mga pwersa ng estado (AFP at PNP) para tiyakin ang pagsunod ng mga manggagawa sa mga utos. (Article 278 [263] (g), P.D. 442, Labor Code)

**KAYA WELGA PA RIN ANG SAGOT NG MGA MANGGAGAWA SA GANID NA MANAGEMENT NG NEXPERIA!**

Walang ibang tutunguhin ang mga manggagawa ng NEXPERIA kundi ang magwelga sapagkat itinutulak mismo ang manggagawa sa hindi pagtatapos ng CBA at tuloy tuloy na tanggalan na hindi tumupad ang kapitalista sa napagkaisahan na hindi magkakaroon ng tanggalan sa negosasyon sa CBA. Makatwiran at makatarungan ang paglulunsad ng welga sapagkat ito ang tanging solusyon upang makipagusap ng matino ang kapitalista sa pagbabalik sa 4 na lider ng manggagawa at sa pagtatapos ng CBA.

**ILANG TALA HINGGIL SA NEXPERIA PHILS. INC.**

Ang Nexperia Phils. Inc. ay bahagi ng isang multinational semiconductor company na lumilikha ng mga chips na ginagami sa automative industry, e-vehicles, cellphones, at iba pa. Kasama sa mga kliyente nito ang Bosch, Continental, Denzo, Huawei, Neltz, Tesla, Xiaomi at Samsung.

NAFLU KMU
1957

Ang headquarters nito ay sa The Netherlands at China. Bukod sa Pilipinas, mayroon itong manufacturing at assembly sites sa Germany, United Kingdom, at Malaysia . Nakaheadquarters ito sa The Netherlands at China.

Noong 2017 ito nabili ng WingTech. Ang WingTech ay pagmamay-ari ni Wing Zhang at partially state-owned (China) na kumpanya. Liban sa Nexperia, may iba pa itong subsidy company sa iba't ibang industriya.

Noong 1981 ay Philips Semiconductors ang pangalan nito na naka-base sa Las Piñas. Bread and butter nito ang Cable Antenna TV department na kalaunan ay na-phase out rin dahil pinalitan ito bilang Sensors Department. Mayroon ding Power Department, RF (Radio Frequency) Modules at Communication and Base Station. Kalaunan isinarado ang RF modules at naging STMicro-electronics sa Calamba, Laguna.

Ibinenta ng Philips ang 80.1% ng shares nito sa US investors kaya't naging NXP Semicon na ito noong 2006 at ang produkto nito ay sa communication gaya ng mga chips sa cellphones at base station o cell sites. Nahiwalay ang Communication and Base Station (na naging RF-Power nung binili ng Freescale) at nabili ng isang Chinese investor na naging Ampleon Semiconductor.

2017 ito naging Nexperia Semicon na ang produksyon ng planta naka-focus ay automotive.

Mula sa website ng Nexperia, ipinagmamalaki nito na mahigit 90 billion na essential semi-conductors ang napo-produce nito taun-taon.

Ipinagmamalaki ng Nexperia ang planta nito sa Cabuyao, Laguna bilang "..home..for assembly and testing." At nakakapagproseso kada taon ng tinatayang isang bilyong "clip bond/power package capabilities" o mga chips na ginagamit sa mga esensyal na produktong electric.

**Ang ganitong produktibidad ng Nexperia sa Pilipinas ay posible lamang dahil sa mga manggagawa. Nguni't dahil sa likas na pagkaganid ng kapitalista, gusto pa nitong higit na palakihin ang kanyang tubo – palakihin ang produksyon habang binabawasan ang gastusin sa paggawa. Ito ang dahilan ng tanggalan at pambabarat sa sahod at benepisyo ng manggagawa.**

## BAKIT KAILANGANG SUPORTAHAN ANG LABAN NG MGA MANGGAGAWA SA NEXPERIA?

Ang dinaranas ng mga manggagawa ng Nexperia ay dinaranas din ng ibang manggagawa sa Pilipinas at sa buong daigdig. Dahil sa kalikasan ng kapitalista na magkamal ng papalaking tubo at kasabwat ang mga gubyerno, malawakang pinatutupad ang mga patakarang neoliberal laban sa uring manggagawa tulad ng kontraktwalisasyon, pagpako ng sahod sa napakababang halaga, pagpapatupad ng wage regionalization, malawakang tanggalan dahil sa cost optimization at automation at iba pa.

NAFLU KMU
1957

Bahagi ang manggagawa ng Nexperia sa laksa-laksang manggagawa ang natatanggal sa trabaho sa gitna ng napakataas na presyo ng mga bilihin, renta, tubig, kuryente at iba pa. Kaya't libu-libong pamilya ang isinasadlak sa matinding kahirapan.

Nitong 2022, matinding pagliligalig ang inabot ng mga lider at kasapi ng unyon ng Nexperia. Naging biktima sila ng red-tagging, palagiang pinupuntahan sa kanila mga bahay ng mga elemento ng NTF-ELCAC at mga pulis habang nagpapakalat ng mga pang-iintriga laban sa kanila.

Sa kabila nito'y hindi natitinag ang pagkakaisa ng mga manggagawa ng Nexperia na nabibigkis sa kanilang unyon dahil malinaw sa kanila na makatwiran ang kanilang pinaglalaban at bahagi sila ng pakikipaglaban ng buong uring manggagawa laban sa pang-aapi at pagsasamantala.

**PAANO MASUSUPORTAHAN ANG LABAN NG MGA MANGGAGAWA SA NEXPERIA?**

1. Maglabas ng iba't ibang porma ng suportang propaganda sa kanila katulad ng mga statement, human interest stories, selfie protest, polyeto, at iba pa. Biguin ang mga maling paratang ng management sa unyon at mga manggagawang lumalaban, tulungan ang unyon na pasinungalingan ang mga ito.

2. Isiwalat sa pangkalahatang publiko ang nagaganap sa manggagawa ng Nexperia at manghikayat na magbigay ng kanilang suporta.

3. Pag-aralan ang isyu ng tanggalan at iba pang kinakaharap na isyu ng Nexperia, ipaliwanag ang kahalagahan ng pakikiisa sa laban ng mga manggagawa ng Nexperia.

4. Makipamuhay, makipagkwentuhan, makipag-aralan, kilalanin ang mga manggagawa ng Nexperia. Marinig mula sa kanila mismo ang isyu na kanilang kinakaharap. Kung maaari, tulungan silang magpaliwanag sa iba pang mga manggagawa sa Nexperia at iba pang pagawaan ng kahalagahan ng sama-samang pagkilos at welga.

5. Magsagawa ng iba't ibang anyo ng sama-samang pagkilos sa inyong pagawaan, komunidad o eskwelahan bilang suporta sa laban ng manggagawa ng Nexperia.

6. Kung ikaw ay manggagawa na nakakaranas ng parehong kalagayan katulad ng tanggalan, mababang pasahod, o iba pang isyu, makipag-ugnayan sa NAFLU-KMU upang palakasin ang laban.

NAFLU KMU
1957